

Dynamic Prayer Meeting Study Guide (Week 8)¹

PAG-IBIG SA DIYOS

Paano nagsisimula ang mga prayer meetings sa Bible?


Sa pamamagitan ng _____.

1. Paano makipag-ugnay sa Diyos?

Ilipat ang iyong pagtingin sa _____ patungo sa pagtingin sa _____.

2. Ano ang ikalawang gawain ng mga “great prayer warriors”?

Ang kanilang pagtugon sa Diyos mula sa _____.



Ang Kalikasan (Nature) ng Pag-ibig

Hindi namimilit o namumuwersa (coercion) si Jesus. Ngunit inilalapit niya sa kanya ang mga tao. Jeremias 31:3. Likas sa pag-ibig ang maghangad na ibigin din. Likas din sa pag-ibig ang maging malaya. Kumikilos ang Diyos hanggang magkaroon ng pagnanais ang puso na ibigin siya. Nasa kontrol ng Diyos ang lahat ng bagay ngunit hindi siya namumuwersa. Naghahanap siya ng pusong nagnanais na umibig sa kanya. 2 Corinto 8:12; Exodo 35:21, 26; 36:2. Higit na nais ng Diyos ang magkaroon ng “love relationship” sa iyo kaysa ang mga bagay na ginagawa o kinikilos mo, o kaya’y ang matugunan ang ilan sa mga prayer requests mo.

Ang Pagpapatibay ng Pag-ibig

1. Ang Diyos ang paulit-ulit na mag-aayos ng mga bagay sa buhay mo upang turuan kang magtiwala at umibig.
2. Dapat mong malaman kung kailan ipinapakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa iyo. Dapat mong kilalanin ang kanyang mga gawa sa buhay mo. Dapat mong malaman ang laki ng pag-ibig niya kung bakit niya ito ginagawa para sa iyo (Galacia 2:20). Kung hindi, hindi rin lalago ang iyong pag-ibig.

Ang Pagsubok sa Pag-ibig

1. Palagiang lalapit sa iyo ang Diyos sa iyong panalangin at tatanungin ka patungkol sa pag-ibig mo sa kanya sa pamamagitan ng mga nangyayari sa buhay mo at mga tuksong kinahaharap mo. Katulad ni Haring Hezekias (2 Cronica 32:31) at ng mga Israelita sa panahon ni Moses (Deuteronomio 8:2, 16).
2. Alam mo ang lalim ng pag-ibig mo sa kanya sa pamamagitan ng iyong pagsunod sa kanya sa mga oras ng kahirapan at mga bagay na ipinapagawa niyang nasusubok ang iyong pananampalataya.
3. Ang mga taong umiibig sa Diyos nang higit sa mga sagot sa panalangin ay makakakita ng pagkilos ng Diyos sa kalagitnaan nila.
4. Sa kabuuan ng Biblia makikita natin ang dulot na sakit sa puso ng Diyos sa tuwing ang puso ng kanyang mga anak ay nalalayo sa kanya. Hosea 2:8; 6:4; 11:1-7; Ezekiel 6:9; Mateo 23:37.

Oras ng Panalangin

1. Masasabi mo bang mayroon kang tunay na “love relationship” sa Diyos na higit sa kaalaman lang, ngunit makikita sa iyong mga karanasan sa buhay?
2. Ano ang naramdaman mong ginagawa ng Diyos sa buhay mo nitong nakaraang linggo upang ipakita ang kanyang pag-ibig sa iyo?
3. Kung hindi mo nakikitang regular na ginagawa ito ng Diyos, bakit kaya? May binabalak kaya ang Diyos na mas maging malalim ang relasyon mo sa kanya?



1. Maglaan ng oras sa panalangin na nagbubulay-bulay sa mga bagay na ginawa ng Diyos upang ipakita ang kanyang pag-ibig sa iyo.
2. May alam ka bang ilang bagay na sa tingin mo ay nakahahadlang sa relasyon mo sa kanya?
3. Ipahayag mo ngayon sa Diyos ang iyong pag-ibig sa kanya, o ang iyong pagnanais na mas mahalina pa siya.



Ipanalangin ang mga requests mo ngayong gabi.

¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).